

Dali-dali at dekonstruksyon: Poetika at politika sa panahon ng pinagmamadaling pagtula

Michael Francis C. Andrada

Abstrakt

Sinisiyasat sa pag-aaral na ito ang mga digital na pamamaraan ng paglikha at pagpapalaganap ng panulaan sa Pilipinas sa panahon ng mga panguluhan nina Gloria Macapagal Arroyo, Benigno Aquino III, at Rodrigo Duterte. Ang korpus ng mga akdang sinuri ay mga tulang nilikha at ipinalaganap sa pamamagitan ng mga online generator, single message service (SMS) o text messaging, at social media, partikular sa Twitter. Ang demokratikong akses sa mga bagong teknolohiyang ito ay nagbigay ng bagong plataporma sa mga makata at manlilikha ng panitikan upang ipamalas ang kanilang sining at upang siyasatin ang kalagayan ng lipunan. Kapuwa eksplorasyon ng genre at ng politikal na praxis ang pagluluwal ng tula sa pamamagitan ng mga digital na plataporma. Pinag-aralan ang mga tulang digital sa balangkas ng tinawag ni Leonardo Dianzon na mga kultural na tradisyon ng panunudyong at panunuya. Ginagalugad din sa papel na ito kung paanong nag-aambag ang mga makata sa panahon ng digital na makina sa pampanitikang kontinuum at tradisyong protesta ni Marcelo H. Del Pilar at ng Kilusang Propaganda.

Mga Susing Salita: kontinuum, kontrapuntal, tulang digital, hypertext, instant tula o instantula, politikal na imahinasyon, tulang protesta

Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>).

How to cite this article in APA

Andrada, M. F. C. (2024). Dali-dali at dekonstruksyon: Poetika at politika sa panahon ng pinagmamadaling pagtula. *Plaridel*, 21(1), 1-32. <https://doi.org/10.52518/2022-10andrd>

Abstract

This paper studies the digital modes of producing and distributing Philippine poetry during the presidencies of Gloria Macapagal Arroyo, Benigno Aquino III, and Rodrigo Duterte. The corpus used for this study are various poems created and dispensed through online generators, single message service (SMS) or text messaging, and social media, Twitter in particular. Democratic access to these new technologies has given literary producers newer platforms to exercise creativity and to interrogate the times. Poetry production via digital platforms is both an exploration of the genre and of political praxis. This paper studies select digital poems traversing what Leonardo Dianzon expounded as the cultural traditions of panunudyo (parody) and panunuya (irony or sarcasm). Further, this paper explores how poets in this digital age have variably contributed to the literary continuum and protest tradition of the Propaganda Movement's Marcelo H. Del Pilar.

Keywords: continuum, contrapuntal, digital poetry, hypertext, instant poetry, political imagination, protest poetry

Ang malalaking ahensiya ng gobyerno tulad ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA), ang mga akademikong institusyon sa panitikan at kultura, mga pribadong organisasyon tulad ng Filipinas Institute of Translation, negosyo ng pamamahayag sa internet tulad ng Rappler, ay kabilang sa—at sa partikular na mga pagkakataon ay tagapagsulong ng—mga pagbabago sa pagtula sa Pilipinas gamit ang elektronikong at digital na teknolohiya. Isa sa naunang taguri ng mga dayuhang bansa sa bagong porma ng pagtulang sumibol sa panahon ng kompyuter at internet ay ang “hypertext poetry.”

Bagama’t sa kasaysayan ng pagtula sa Pilipinas ay hindi naman talaga bago nitong pagpasok ng ika-21 siglo ang teknolohiya ng hypertext – o ang batayang wika ng produksiyong pang-elektroniko at kompyuterisado – ay nagkaroon ito ng pag-unlad dahil sa mga teknolohikal na pagbabago sa mundo ng networked at networking na sistema ng Internet. Payak ang depinisyon ng tulang hypertextwal: pagsulat ng tula gamit ang kompyuter o internet.

Ngunit bago pa ang depinisyon ito, may naunang pagsasaysay si Jakob Nielsen sa kasaysayan ng hypertext. Iminapa ni Nielsen na noong taong 1945 pa unang nakonseptwalisa ang ninuno ng hypertext sa pamamagitan ng isang hipotesis ni Vannevar Bush, ang “memex” o memory extender na isang ideya tungkol sa pagbubuo ng isang mekanisadong pribadong aklatan. Halos katulad ito ng pagkakatalogo ng mga titulo ng mga libro’t babasahin na matatagpuan sa isang aklatan, ngunit sa ideya ni Bush ay elektronikong lenggwahe – o hypertext – ang gagamitin. Mula rito, binaybay ni Nielsen (1995) ang pag-unlad ng salita at gamit na hypertext, na inimbento o unang ginamit ni Ted Nelson bilang pakahulugan sa wikang ginagamit ng mga bagong makina o kompyuter. Napaunlad ito noong 1967 sa pamamagitan ng paglalang ni Andy van Dam ng isang sistema ng pag-eedit sa kompyuter gamit ang hypertext. Naging bukambibig ito noong 1987 nang ipakilala ng kumpanyang Apple o Macintosh (Mac) ang hypercard na isang teknolohikal na inobasyon sa pag-iimbak ng mga datos gamit ang hypertext at memory card. Noong 1993, itinala ni Nielsen na ang mga ensayklopediya na nasa anyong hypermedia o elektronikong ay mas binibili at naibebenta na kaysa nakalimbag na ensayklopediya. At noong 1995, ang Netscape Corp., ang una at pinakamalaki noong higante sa larangan ng internet ay tumabo ng tatlong bilyong dolyar noong unang araw nito sa stock market (Nielsen, 1995). Mula sa mga yugtong ito, ang kasalukuyang teknolohikal na rebolusyon ng hypertext ay dumating na sa mas intensibong digital na panahon sa yugto ng neoliberalismo ng ika-21 siglo.

Ang tradisyon ng pagtula sa Pilipinas ay nasa yugto ngayon ng neoliberal at digital—isang maituturing na madalian o dali-daling pagtula

sa isang pinagmamadaling panahon. Ang mga pagbabago sa porma at paraan ng produksiyon at distribusyon ng pagtula sa ika-21 siglo ay bunga ng dalawang praxes: una at pangunahin, ang **praxis ng neoliberal** na sistemang nagdulot ng elektroniko, hypertekstwal at digital na teknolohiya, at ikalawa at mahalaga, ang **praxis ng ahensiya ng tao** (human agency) o ang kakayanang sumalubong o sumalunga ng mamamayan sa neoliberal na sistema at gumamit o magwaksi sa bagong teknolohiya.

Dali-daling pagtula o pinagmamadaling pagtula: Neoliberal praxis ng poem generator

Sa unang praxis, ang neoliberal na sistema ay may itinataguyod na bagong panitikan ng pagtula gamit ang bagong teknolohiya. Ang mga bagong porma ng tula na ito ay umaayon sa ethos ng intensibong neoliberalismo sa negosyo at sa pagpapalago ng lohika ng kapital at pribadong pagmamay-ari. Masasabing komersyal at para sa pagkamal ng tubo ang pangunahing tuon ng bagong mga tula sa isang neoliberal at digital na sistema. Kabilang sa mga neoliberal na digital na tula ay mga komersyal na jingle, tulang lirikal, at mga linya o praseng may kaakibat na catchy na tono na nagtatanghal ng mga produkto o institusyon ng negosyo. Karamihan sa mga ito ay makikita sa kulturang popular na kapwa hinubog ng dayuhan at lokal na mga ahensiya ng advertising para sa pagpopopularisa ng mga ikinakalakal na produkto. Tuon ng ganitong mga digital na tula ang gawing tagakonsumo ang mamamayan.

Bukod sa mga jingle, may apropiasyon ang mga kumpanya at higanteng negosyo sa iba pang mga porma ng bagong panulaan. Ilan sa mga halimbawa nito ay “hugot lines”—o maiigsing tula at mga isa hanggang dalawang matulaing linya na kalakhan ay tungkol sa kasawian sa pag-ibig o sa buhay—na kinakasangkapan sa mga online na biswal at multimedia na patalastas ng mga kumpanya o institusyon.

Nariyan rin ang promosyon ng mga komersyal na kaganapan, komersyal na kalakal, at iba pa sa pamamagitan ng paggamit ng iba-ibang social media platform tulad ng Facebook, Instagram, at Twitter. Sumulpot ang pangkalahatang mga porma ng pagtula na ginagawang moda ng distribusyon ang mga social media app tulad ng (1) Tulaan sa Facebook / Facebook Poetry Train, (2) Poemstagram o mga tula sa Instagram, at (3) Tweetula o tula sa Twitter. Bagama’t karamihan sa mga online na palihan na nagpapaunlad ng pagtula gamit ang internet bilang plataporma ng talakayan ay bunsod ng pagkilos ng mga indibidwal o mismong mga institusyong pang-akademiko, kalakhan sa mga ito ay naging balon para sa kultural na kapital ng neoliberal na sistema para sa komersyalismo at pribatisasyon.

Patunay nitong ganitong asersyon ang isang madaskol na pagturing sa sining ng pagtula – o ang madali at minadaling mga tula sa panahon ng mas abanteng digital na teknolohiya ng mga online generator app at social media app. Sa ganitong teknolohiya, paspasan ang paglikha ng mga tula. Instant tula o “instantula” ang nalilikha. Sa pamamagitan lamang ng ilang pagtipa ng tiklado at pagsalansan ng mga salita sa mga generator at app, ilang segundo lamang ay makalilikha na ng mga tula. Halimbawa ng mga online poem generator ay ang “Poem of Quotes (www2.poemofquotes.com/tools/poetry-generator.php), ang AI Poem (www.aipoem.com/) kung saan makalilikha ng bagong tula sa loob lamang ng 30 segundo, ang Make A Poem! (www.runokone.com/makeapoem/), ang Heretical Rhyme Generator (www.pangloss.com/seidel/Poem/) kung saan unang linya lamang ng tula ang kailangang isumite habang ang susunod na mga linya ng mabubuonng tula ay ang generator na ang lilikha, ang Random Poetry Generator (www.had2know.com/arts/random-poem-generator.html) na may “customizable word lists” at mga pattern ng pangungusap o linya, ang Love Poetry Generator (www.proflowers.com/blog/love-poetry-generator) na lilikha ng tula batay sa mga salitang pipiliin at lalangkapan ng mga imahen tulad ng bungkos ng mga bulaklak, at marami pang iba.

Mula sa mga online poem generator na ito, may isa na pagpopokusan ng pag-aaral na ito hindi dahil sa mas abante nitong algoritmo kundi dahil sa mainam itong halimbawa ng neoliberal na moda ng produksiyon ng tula. Patungkol rito, ayon kay Carolyn Kellog (2015), “In the age of mechanical reproduction, poetry is easy. All you have to do is tweet” (par. 1). Tinutukoy rito ni Kellog ang Poetweet (www.poetweet.com.br), isang poem generator website na gumagamit ng isang algoritmo na tinitipon at pinagsasama-sama ang lahat ng tweet ng isang “handle” (user o Twitter account) at hinahanapan ang mga ito ng magkakatugmang mga salita. Ang mga magkakatugmang salita ang ginagawang basehan ng algoritmo para isaayos ang piling mga tweet mula sa isang handle tungong isang instant na “poetweet.”

Tulad ng maraming online generator app, hindi kailangang mag-login sa Poetweet upang maakses ang isang Twitter handle. Samakatuwid, maaaring gumawa ng instant na tula ang isang tao gamit ang mga tweet ng ibang tao o ng kahit na anong organisasyon, ahensiya, at institusyon, maliban na lang kung protektado, pribado o hindi basta-basta maaakses ang mga tweet ng isang handler o account. Tatlo ang mapipiga mula sa neoliberal na kalagayang ito: Una, ang hinihirayang personal na mga tweet ay nagagawang gamitin ng isang pribadong institusyon para gumawa ng mga instant na tula. Ikalawa, maaaring ariin ng isang tao ang mga poetweet na nalikha mula sa mga tweet ng ibang tao. Ikatlo, maaaring gamitin at ariin ng institusyon o indibidwal

ang mga poetweet na nalikha mula sa mga tweet ng ibang tao *nang walang pahintulot*.

Dobleng-talim ang sitwasyong ito ng instantula sa mga poem generator tulad ng Poetweet. Habang maaaring gawing balon ng mga pribadong negosyo ang nakapublikong mga tweet ng iba't ibang handler ay maaari ring gawing balon ng mamamayan at progresibong mga organisasyon para sa kontra-diskurso ang mga nakapublikong tweet ng mga pribadong negosyo at reaksyonaryong mga institusyon.

Tatlong hakbang lamang ang kailangan upang mabilis na makagawa ng tula sa Poetweet. Una, ilagak ang anumang handle o Twitter name sa espasyong nakatakda. Ikalawa, pumili ng o i-click ang isang porma ng tula mula sa tatlong opsyon na ibinibigay ng Poetweet: sonnet, rondel o indriso. Ikatlo, maghintay ng ilang segundo habang “inaanalisa” ng Poetweet ang mga tweet ng isang handle. Pagkatapos nito ay lalabas na ang instant na tula o instantula o poetweet.

Ginawang halimbawa ng mananaliksik ang Twitter handle ng Official Gazette PH (@govph) sa panahon ng panunungkulan ni dating pangulong Benigno Aquino III upang ipakita ang klase ng madali, minadali at pinagmamadaling tula sa panahon ng mga online poem generator nang nakakonteksto sa isang partikular na politikal na panahon. Ang Official Gazette PH ay ang opisyal na dyornal ng Republika ng Pilipinas na nasa direktang superbisyon ng Opisina ng Pangulo ng Pilipinas. Matapos ilagak ang handle ng Official Gazette PH, pinili ang porma ng soneto, at sa ilang segundo lamang ay na-generate o iniluwal na ang nabuong poetweet:

ASEAN neighbors

by Official Gazette PH

Indigents more access to counsel.

Trust shall not go unpunished.

Navy's first landing dock vessel:

Apply for scholarships from CHED:

Accessibility to education.

The rubbles of sorrow and pain.

The EO on Freedom of Information:

Make use of your ancestral domain.

To give rise to a better future.

Passion that will change this land.

Of the Philippine legislature:

In Global Competitiveness Report:
Permits for power development.
Applying for a Philippine passport: (Poetweet, 2017)

Mapapansin na lahat ng bahagi na lumabas o na-generate ng Poetweet mula sa handle ng Official Gazette PH ay awtomatikong ginawa ng online poem generator, mula sa (1) pamagat, (2) byline – hindi ang handle kundi ang buong pangalan na inirehistro ng user, at (3) paglilinya, pagbibilang ng pantig, pagsesesura, at pagsasaknong batay sa naka-encode na mga batas ng sukat at tugma ng partikular na porma ng tula. Bukod pa rito, ang Poetweet ay sa kalakhan nakabatay sa sistema ng paglilinya sa wikang Ingles, kung kaya't ang mga tweet na nasa wikang Filipino ay nakokonsidera at napaghahanguan rin nito ngunit madalang, maliban na lamang kung ang kalakhan ng mga tweet ng isang handle ay nasa wikang Filipino.

Tulad nang nabanggit, hindi ang lohika ng nilalaman o ideya ang pangunahin sa paglikha ng Poetweet ng mga instant na tula. Kung babasahin ang na-generate na tula, tila ismorgasbord lamang ito ng mga linya mula sa iba't ibang Twitter post ng nasabing handle. Walang kaugnayan ang “ASEAN neighbors”, na awtomatikong na-generate na pamagat sa “CHED”, “Freedom of Information”, “ancestral domain”, “Philippine legislature”, “Global Competitiveness Report”, at “Philippine passport”. Gayundin, kapansin-pansin na walang sistema ang pagbabantas at hindi winawaglit ang bantas na nakakabit sa mga dulong salita. Sa katunayan, sa nabuong poetweet, ang mga linya ay madalas nagtatapos sa tuldok, o anumang bantas na nakalagay sa orihinal na tweet na pinaghanguan, kahit hindi buo ang ideya ng prase o kahit hindi tapos ang pangungusap. Bukod sa walang lohika ang pagkakasalansan ng mga ideya at linya, mapapansin ring ang pagkakatugma ng mga salita sa mga dulo ng mga linya lamang ang batas na sinusunod at hindi ang batas sa pagbibilang ng pantig.

Kailangan ring idiin na ang na-generate na tulang “Asean neighbors” noong Abril 17, 2017 nang 11:53ng ay maaaring hindi na ulit ma-generate in toto at verbatim dahil sa katangian ng pagiging ispontanyo at batay sa anarkiya ng pag-i-import at pag-a-analyze ng algoritmo ng Poetweet. Bukod pa rito, kayang mag-generate ng Poetweet ng marami at kung ilang tula, depende sa nanaisin ng tao, kahit sa loob ng ilang segundo. Para sa pag-aaral na ito, nag-generate sa Poetweet ang mananaliksik ng higit sa dalawang tula sa loob ng isang minuto (Abril 18, 2017 ganap na 1:13nu) gamit muli ang handle ng Official Gazette PH. Dalawa rito ang nasa ibaba, “Medical Center” at “Sa baha”:

Medical Center

by Official Gazette PH

The rubbles of sorrow and pain.
Lucena City, Quezon Province:
Make use of your ancestral domain.
The terror attack in Nice, France:

That prey on our migrants.
First State of the Nation Address:
Registration and visa requirements:
And corruption will be relentless.

Growth, strong dollar reserves.
Applications and forms online.
And a set of online archives.

Program shall be strengthened.
From Vietnamese officials:
Records of 2 past admins combined: (Poetweet, 2017)

Sa baha

by Official Gazette PH

The President's Hall in Malacañan.
Permits for power development.
Kailangang bantayan at alagaan.
This will be a clean government.

Accessibility to education.
Of the "Tagalog Republic".
The EO on Freedom of Information:
Soon be available to the public:

Accept it back from British rule:
That prey on our migrants.
View the bus stops and schedule:

Of the Duterte PPCRV Delegates:
Program shall be strengthened.
Produced a record 9.54M graduates: (Poetweet, 2017)

Tulad nang sa unang tula, ang ikalawa at ikatlong mga poetweet ay may mga pamagat na binubuo lamang ng dalawang salita ("Asean neighbors", "Medical Center", at "Sa baha") na *random* rin ang pagpili ng Poetweet.

At tulad nang unang tula, ang dalawang sumunod na mga tula ay walang sinusundang lohika ng mga ideya kundi ang lohika lamang ng algoritmo, ang lohika ng pagkakatugma ng mga piniling salita. Bawat linya ay nagmula sa iba't ibang tweet. Dahil 14 ang mga linya ng bawat na-generate na sonetong poetweet ay nagmula ang bawat linya mula sa mas mahahabang mga orihinal na tweet ng Official Gazette PH. Makikita ito sa pamamagitan ng pag-hover o pagtapat ng cursor sa bawat linya ng tulang na-generate ng Poetweet.

Mainam na ipakita, kung gayon, kung saan nagmula ang mga linya ng isang instant poetweet upang higit pang maipakita ang moda ng produksiyon ng algoritmo ng Poetweet. Gagamitin para sa bahaging ito ang poetweet na sonetong “Sa baha” mula sa mga tweet ng handle ng Official Gazette PH. Makikita sa hanayan ang magkakahiwalay at magkakaibang mga tweet ng @govph na pinagmulan ng 14 na linya ng poetweet na “Sa baha”. Ngunit kailangang idiin na walang petsa at oras ang mga tweet na naka-hyperlink sa Poetweet. (Ang mga numero sa harapan ng bawat linya ng poetweet ay inilagay ng mananaliksik.).

Mga linya ng poetweet na “Sa baha”	Mga orihinal na tweet o retweet ng Official Gazette PH(@govph)
1 The President’s Hall in Malacañan.	President-elect Rodrigo Roa Duterte has arrived and met outgoing President Benigno S. Aquino III at the President’s Hall in Malacañan . (Official Gazette PH, 2016f)
2 Permits for power development.	Duterte: I have directed the concerned regulatory agencies to prioritize issuance of required permits for power development . (Official Gazette PH, 2016i)
3 Kailangang bantayan at alagaan.	President Aquino: Papasok tayo sa panibagong kabanata ng kasaysayan. Nawa’y ‘di natin malimot: Ang kalayaan, kailangang bantayan at alagaan . (Official Gazette PH, 2016e)
4 This will be a clean government.	Duterte: I assure you, this will be a clean government . (Official Gazette PH, 2016h)
5 Accessibility to education.	We celebrate National Literacy Day as we continue to exert efforts for the increased accessibility to education . https://t.co/Nd34ehVrBk (Official Gazette PH, 2016m)
6 Of the “Tagalog Republic”.	Today is the 109 th death anniversary of Gen. Macario Sakay, a Katipunero & the president of the “Tagalog Republic” . https://t.co/3mvXxTA8Oz (Official Gazette PH, 2016n)

7 The EO on Freedom of Information:	The Executive Order No. 2, known as the EO on Freedom of Information : https://t.co/YvqsgZLhlu (Official Gazette PH, 2016l)
8 Soon be available to the public:	An online data portal for monitoring river flow will soon be available to the public : https://t.co/v0Oq9fmwOB https://t.co/gN3ohEqggf (Official Gazette PH, 2016d)
9 Accept it back from British rule:	#todayinhistory In 1764, the Spanish entered Manila to accept it back from British rule : https://t.co/1yDyqz8dNc https://t.co/Moui5RSuxg (Official Gazette PH, 2016c)
10 That prey on our migrants.	Duterte: We shall intensify our war against human traffickers and illegal recruiters that prey on our migrants . (Official Gazette PH, 2016j)
11 View the bus stops and schedule:	Take the Metro Manila point-to-point (P2P) bus service. View the bus stops and schedule : https://t.co/rllqTC7nBl https://t.co/McawgNYM6f (Official Gazette PH, 2016a)
12 Of the Duterte PPCRV Delegates:	Speech of President Rodrigo Duterte during the visit of the Duterte PPCRV Delegates : https://t.co/i777xMTF7G (Official Gazette PH, 2016k)
13 Program shall be strengthened.	Duterte: I asked Congress to enact the Whistleblower Protection Law while the present Witness Protection Program shall be strengthened . (Official Gazette PH, 2016g)
14 Produced a record 9.54M graduates:	The Technical Vocational Education and Training Program produced a record 9.54M graduates : https://t.co/5VQsP3Ce1B https://t.co/FdcPN1iSgP (Official Gazette PH, 2016b)

Sa ikalawang hanay, ang orihinal na mga tweet, idiniin ng mananaliksik ang mga grupo ng mga salita, kabilang ang mga bantas, na pinaghanguan o kinopya ng mga linya ng poetweet na “Sa baha”. Sa pangkalahatan, mapapansin ang sumusunod pamamaraan ng paghango o paghalaw mula sa orihinal na mga tweet patungong poetweet:

Direkta ang pagkopya ng isang bahagi ng orihinal na tweet o ng grupo ng mga salita mula sa orihinal na tweet, kabilang ang mga bantas. Ang binabago lamang nito ay ang awtomatikong pagkakapitalisa (ginagawang malaking titik) sa unang titik ng unang salita ng hinango ng Poetweet mula sa orihinal na tweet, liban na lamang kung nasa malaking titik na ang unang titik ng nasabing mga salita sa orihinal na konteksto nito (tulad ng mga linya 7, 11 at 13)

Hindi binabago o iwinawasto ng Poetweet generator ang maling pagbabaybay ng mga salita.

Hindi binabago o iwinawasto ng Poetweet generator ang orihinal na ginamit na bantas sa tweet, kung kaya kalakhan ng mga linya sa bagong poetweet ay nagtatapos sa tuldok kahit pa hindi kumpleto ang ideya ng prase o linya. Kung tutuusin, nagiging mali ang paggamit ng orihinal na bantas sa bagong konteksto ng mga linya ng poetweet, tulad nang makikita sa lahat ng mga linya maliban sa mga linya 4 at 13.

Bagama't naka-*hyperlink* ang orihinal na tweet na pinaghanguan ng mga linya ng pinagsalangang poetweet, hindi nagtataglay ang hyperlink ng petsa at oras ng mga orihinal na tweet. Mahalaga ang petsa at oras ng mga orihinal na tweet sapagka't maaaring dumating sa puntong burahin (delete) ang mga ito ng handler. Makikitang nagiging kulang ang pagsasakasaysayan ng pag-iral ng mga orihinal na tweet dahil sa kakulangan sa petsa at oras ng mga hyperlink.

Iba't iba ang kontekstong ininugan at pinatutungkulan ng mga orihinal na tweet, kung kaya't pagdating sa bagong poetweet ay dekontekstwalisado na ang mga ito. Nagkakaroon, kung gayon, ng malayang paggamit ng mga orihinal na tweet nang walang pagsasaalang-alang sa kumpletong orihinal na konteksto ng mga ito.

Nakasalalay sa balon ng mga tweet ang magiging dominanteng wika sa bagong poetweet. Bagama't wikang Ingles ang primaryang wikang ineempleyo ng Poetweet, hinahango lamang nito ang mga salita mula sa orihinal na mga tweet ng handle.

Tulad nang inaasahan, hindi konektado ang ideya, nilalaman, imahen, tema at kasiningan ng mga salita at hiraya—mga bagay na esensyal sa paglikha ng masining na tula—na pinagsunud-sunod sa bagong poetweet.

Kung gayon, isang alegorya ng pagtula sa panahon ng neoliberal na produksiyon ang na-generate na poetweet. Isa itong postmodernong tula sa yugto ng neoliberalismo gamit ang komersyal na digital na online poem generator. Walang petsa at oras ang bawat pinagmulang tweet na naka-hyperlink sa Poetweet.

Maaari itong mabasa na sa neoliberal na digital na mundo, ang kasaysayan ay hypertextual. Naka-link ang iba't ibang teksto mula sa iba't ibang lokasyon at iba't ibang petsa bilang hyperlink. Sa kasong ito, masasabing sa gitna ng malawak na neoliberal na cyberspace, may makakapitang hyperlink, na bagama't maaaring pansamantala lamang ay magdudulot ng anag-ag ng

kasaysayan ng isang teksto sa mundo ng internet. Maaari rin itong basahin bilang alegorya ng paggigiit ng isang pagsasakasaysayan—ang hyperlink ay pagsasakasaysayan at pagsasakontekstong hypertextual, na sa mundo ng cyberspace, bagama't maaaring mawala nang parang bula na lamang ang mga orihinal na tweet at orihinal na konteksto at kasaysayan, ay ang ahensiya ng mamamayan upang lumikha ng kahulugan at kabuluhan ang magiging danas-pangkasaysayan.

Sa isang banda ay mas madaling masuri ang pinagmulang mga tweet ng nabuong poetweet bilang mga tweet na dumaaan sa dehistoripikasyon at dekontekstwalisasyon—lalo na't ang mga salita o linya lamang ang mahalaga bilang neutral na artifact at hindi ang kasaysayan at konteksto nito.

Hindi ba't ito mismo ang estetika ng postmodernismo at neoliberalismo? Ang gawing walang kasaysayan at walang konteksto ang isang akda o sining, at ang iimbudo bilang mga apolitikal at ahistorical na artifact na para lamang sa isang proyekto at negosyo ng mabilisang produksyon at reproduksyon ng neoliberal na tula? O mas marapat sabihing hungkag ang kasiningan, lalo na't segundo lamang ang bibilangin—sa katunayan ay wala pang isang minuto—upang ma-generate ang bagong tula? Na ang introspeksyon, paglilimi, pagpili ng mga akmang salita, paghinuha sa mga karanasan, pagsaalang-alang sa mga batas ng pagtula—ang lahat ng ito'y hindi na mahalaga sa paglikha ng tula kung mga online poem generator ang sasalangan? Kung gayon, ito na mismo ang estetika ng neoliberalismo—ang pagkakasiya at pagpapaubaya sa awtomatikong agos ng neoliberal-digital na teknolohiya.

Narito na nga ba ang ikinakatakot na pagkalusaw ng mga parametro ng kasiningan, pagkalabusaw ng mga hangganan ng sining ng pagtula, at ng mismong pagkamatay ng masining na pagtula?

Textula at Tweetula:

Ang ahensiya ng makata sa panahon ng digital na makina

Ang sagot sa mga tanong na nakabitin ay “batay sa kamulatan”.

Sa ikalawang praxis, ang praxis ng ahensiya ng tao, ang mamamayang binababad sa at nilalakuan ng neoliberal na kaisipan at digital na teknolohiya ay maaaring lumikha ng bagong mga digital na tula batay sa kaniyang kamulatan o ideolohiya na (1) naaayon sa interes ng neoliberal na sistema at/o naaayon sa postmodernong estetika ng pagtula tulad nang naisiwalat sa dekonstruksyon sa online poem generator, o hindi kaya'y (2) kumakasangkapan sa digital na teknolohiya ngunit mahigpit ang pagtangan sa mga tradisyon ng kasiningan at politikal na tradisyong protesta ng pagtula sa Pilipinas.

Nakabatay sa maraming aspeto ang resepsyon at apropiasyon ng mamamayan sa neoliberal na bugso ng mga digital na teknolohiya. Kung tutuusin, sa kaso halimbawa ng Poetweet, maaaring piliin ng isang Twitter user na sinupin ang kaniyang mga tweet, tiyakin ang mga salita at ideyang lalamanin ng mga tweet, hindi maging random sa pagti-tweet, upang kahit paano’y may direksyon sa kasiningan ng mga salita at kayamanan ng mga ideya at imahen ang mabubuonang mga poetweet. Isa itong kalkuladong proyekto na maaaring isagawa upang lampasan ang nanlilimitang algoritmo ng Poetweet.

Sa katunayan, sa isinagawang pag-generate ng poetweet gamit ang Twitter handle ng Official Gazette ng pamahalaan ng Pilipinas ay maaaring makalikha rin ng kontra-punto at kontra-diskurso sa reaksyonaryo at kontra-mamamayang pamamalakad ng gobyerno. Halimbawa, mapapansin sa poetweet na “ASEAN neighbors” ang mga linyang “Accessibility to education. / The rubbles of sorrow and pain” na maaaring suriin bilang pagsisiwalat ng malungkot at masakit na katotohanan na maraming Pilipino ang hindi makapag-aral. Sa poetweet naman na “Medical Center,” may nabuong mga linyang “Registration and visa requirements: / And corruption will be relentless” na maaaring basahin bilang pagsasalaysay ng mahabang kasaysayan ng katiwalian ng mga ahensiya ng gobyerno maging sa payak na pagkuha ng mga rekisito para sa pagpaparehistro at sa pagkuha ng visa. Makikita, kung gayon, na may mahihibong mga linya na magpapalitaw ng ilang mga tunay na kondisyon ng bansa tulad ng kahirapan, kawalan ng trabaho at akses sa edukasyon, kawalan ng libreng pampublikong serbisyo, at katiwalian sa pamamahala.

Samakatuwid, kahit sa gitna ng neoliberal na iskema sa produksyon ng mga instantula, maaaring magsagawa ng proyekto ng kontra-diskurso sa nananaig na neoliberal na iskema at sa reaksyonaryo’t burgis na pamamahala gamit mismo ang neoliberal at digital na teknolohiya.

Ngunit ito’y isang hinihirayang proyekto lamang. Dahil sa dominanteng kayarian, saklaw ng neoliberal na atake ang panitikan at kultura sa kabuuan. Nariyan ang pagbabawas ng general education units ng wika at panitikang Filipino sa kolehiyo, ang pagtatanggal ng Commission on Higher Education ng mga asignatura sa panitikan at wikang Filipino sa kolehiyo, ang pagpapaikli ng oras ng pagtuturo ng kasaysayan sa pamamagitan ng Programang K to 12 na isinabatas ng dating pangulong Benigno S. Aquino III at ipinatutupad ng kasalukuyang rehimen, at marami pang iba. Lalo’t higit na pinalalabnaw ng mga patakaran at programang ito ang pagpapahalaga sa wika, panitikan at kultura bilang mahahalagang bahagi ng pagiging Pilipino.

Sa katunayan, dominante rin ang kayarian ng neoliberalismo, halimbawa, sa paglikha at paglilimbag online ng mga tula. Sa neoliberalismo, pinatitingkad

ang pagkahumaling at delusyon ng indibidwalismo, ang pagpapakabusog sa narsisismo, at ang pagkarahuyo sa estetikang postmoderno at sining-para-sa-sining. Magpahanggang ngayon, pinakabatayang dahilan ng maraming makata, lalo na ang mga kabataang makata, ang self-expression o paghahayag ng sarili bilang primordial na batayan ng paglikha ng tula. Kitang-kita ito sa isang moda ng produksiyong pampanitikan na kung tagurian ay “online self-publishing”.

Sa reyalidad, kung gaano karami ang multiplisidad ng reyalidad sa neoliberal na mundo ng internet, ganoon rin karami ang maaaring proyektong gawin ng mamamayan, batay sa kaniyang kamulatan, edukasyon, kasanayan sa sining ng pagtula, relihiyon, uring panlipunan, trabaho, hilig, paniniwala, prinsipyo, at politikal at ideolohikal na paradigm. Kung gayon, ang resepsyon ng mamamayan sa bagong teknolohiya ay nag-iiba rin. Maaaring sa isang punto ay aliw lamang ang hatid ng mga bagong paraan ng paglikha ng tula, ngunit maaari rin namang may tiyak nang layunin tulad ng makabayan, peminista, malay sa pagpapalaya ng uri at kasarian, at radikal at anti-imperyalistang pagdalumat ang gawing mga proyekto ng bagong pagtula ng isang mamamayan.

Sa pagbubuo ng kanon ng panitikan—at sa pagtitiyak ng pagpapahalaga, praxis, produksyon, at distribusyon ng tula sa Pilipinas—malaki ang papel at impluwensiya ng mga ahensiya ng gobyerno, mga institusyong pang-akademiko at pampanitikan, at mga organisasyon at kilusang pampanitikan.

Ang yumaong makabayang guro at makatang si Monico Atienza ay isa sa masipag na nagbahagi noon ng kaniyang mga tula sa pamamagitan ng text o SMS (single message service). Ito ay sa panahong hindi pa popular ang mga Android at mobile phone at ang kinahuhumalingang yunit ng cellphone ay Nokia 3210 at Nokia 3310. Sa panahong ito, wala pang konsepto ng mga promo ng unlimited texting at allnet (all network) texting. Bagkus, nananaig ang ethos ng neoliberalismo sa konsepto ng text at texting: piso ang bawat SMS at bawat SMS ay maaari lamang maglaman ng hanggang 60 karakter. Ito ang panahon na itinanghal ang Pilipinas ng neoliberal na sistema bilang texting capital of the world at ang henerasyon ng mga kabataang gumagamit ng text ay tinawag na “gentexters” o “gentxtrs”.

Sa panahong ito, nasa transisyon ang Pilipinas mula sa panunungkulan at pandarabong ng napatalsik na pangulong si Joseph Ejercito Estrado o Erap patungo sa panunungkulan at pandarabong ng dating pangulong Gloria Macapagal Arroyo o Gloria. Sa panahong ito, ang cellphone text messaging ay naging isang kasangkapan ng mga indibidwal (kalakhan ay kabilang sa panggitna at mataas na uring panlipunan na dating may mas demokratikong akses sa cellphone), ng mga kabataan at propesyonal, ng mga ligal at tradisyonal na mga organisasyon, ng mga non-government at

civil society organization, at ng radikal at progresibong mga kilusan, para sa pagsisiwalat ng mga kabulukan ng lipunan at kahungkagan ng mga administrasyon. Isa sa pinakapopular noon na kumakalat sa pamamagitan ng text ay mga text joke tungkol kay Erap.

Hindi rin naman nakatakas sa limitadong kapangyarihan ng text ang sumunod na pangulong si Gloria. Ang interesante, sa yugto ng pag-unlad ng text messaging sa panahong ito, ay hindi na lamang limitado sa 60 karakter ang SMS, at sa katunayan ay naging linked na ang messages. Iyon nga lang, piso pa rin bawat SMS ang presyo kung kaya't ang halaga ng pagpapadala ng linked text messages ay binibilang pa rin kada 140 karakter. Sa panahong ito, hindi na lamang text joke ang napaunlad ng ahensiya ng mamamayan—at at ng makata. Habang dinidiskurso ng mga kritiko ang epekto ng wika ng text (text language at jejemon o jejenese), naging lunsaran at hugpungan ito ng text at tula, o ang bagong porma ng elektroniko / digital na pagtula—ang textula.

Pumasok ang ahensiya ng makata sa isang pormal, akademiko at pampanitikang diskursibong paggamit ng text sa larangan ng pagtula noong 2005 nang ilunsad ng Committee on Literary Arts ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang “Textanaga”. Ito ang banner project ng NCCA upang muling ipaalala, ibalik, ipamilyarisa at payabungin ang isang tradisyonal na paraan ng pagtulang Tagalog, ang “tanaga”. Dito makikita ang papel na ginagampanan ng mga patimpalak pampanitikan sa pagpapayabong ng interes sa panitikan na hinihirayang tutungo sa aktwal na pagbabanyuhay at praxis ng pagtula ng tanaga.

Ayon sa makatang si Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr. (2015) na noo’y direktor ng University of the Philippines (UP) Creative Writing Center (ngayon ay Institute of Creative Writing na), isa sa layunin ng patimpalak na textanaga ay ang hikayatin ang henerasyon ng mga kabataang may kasanayan sa pagtetext na maging malikhain sa paglikha ng tula gamit ang isang matagal nang porma ng katutubong tula at gamit ang teknolohiya ng cellphone text.

Kasama sa pagtataguyod ng patimpalak Textanaga ang mga pampanitikan at pang-akademikong institusyon at organisasyon tulad ng Filipinas Institute of Translation Inc., Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas, at UP Creative Writing Center. Dito makikita na may susing papel ang mga institusyon at ang mga makata sa paghuhugpong ng nakaraan at kasalukuyan, at ng katutubo at dayuhan. At higit sa lahat, minamahalaga rin ang papel ng mga institusyon at ng mga makata sa pagbibigay-direksyon sa tutunguhin ng paghuhugpong na ito.

Sa katunayan, noon pa man, ang isang maigsing tula tulad ng tanaga, ayon kay Nadera (2015), ay itinuring na (1) mataas na kalidad ng panulaan,

(2) pilosopikal, (3) maaaring bugtong o palaisipan na nanghihingi ng isang tiyak na sagot, at (4) isang makapangyarihang instrumento para sa depiksyon ng kasalukuyang mga reyalidad. Ang ganitong mga katangian ng tanaga ang siyang nais ituro o muling buhayin sa kamalayan at praxis ng kasalukuyan at susunod pang mga henerasyon. Binanggit rin ni Nadera ang bisyon ng komisyon at ng institusyon na, sa pagsasanib ng pinakamatandang porma ng pagtula (tanaga) sa Pilipinas at ng maigsing paraan ng pagmemensahe (text) ay makalilikha ng mga bagong makata mula sa henerasyon ng Gentexters.

Nang ilunsad nila noon ang patimpalak Textanaga, itinaon ito sa Pebrero, ang National Arts Month, na Buwan ng Pag-ibig rin. Kung kaya ang naging tema ng patimpalak ay hinggil sa pag-ibig. Bukod sa walang-kamatayan na paksa ang pag-ibig, may ibang inilangkap rin ang patimpalak hinggil sa lipunan. Isinagawa ito sa pamamagitan ng paglangkap ng halimbawa ng isang “materyalista” o “Marxistang” textanaga sa mga panuntunan ng patimpalak:

mahal na ang de-lata
mahal pa’ng abre-lata;
minamahal kong sinta,
nagmahal ka na rin ba? (sinipi ni Nadera, 2015)

Sa pagbibigay ng nasabing halimbawa, hinihikayat rin ng patimpalak ang mga lalahok sa patimpalak na pagsanibin ang dalawang uri ng pag-ibig: ang romantikong pagmamahal at ang pag-ibig sa bayan. Sa mga sumunod na taon at pagkakataon, iba pang katutubong porma ng pagtulang Tagalog ang prinoyekto ng komisyon at ng mga institusyon. Nariyan ang “Dionatext”, “Dalitext”, at “Textsawikain”. Mula sa romantikong pag-ibig bilang tema ay tumawid ito maging sa pagmamahal sa kalikasan.

Nagkaroon rin ng rehiyunal na inklusyon, bagamat maaari pang hustuhin at palawakin ang proyektong ito, dahil isa pa lamang itong inisyal na hakbang, at madalas ay ipinapako sa krus bilang *lipservice*. Sa Davao at Cebu, inilunsad ang “Textigmo”, isang patimpalak sa pagsulat ng bugtong o palaisipan sa text gamit ang wikang Cebuano. Samantala sa Iloilo, inilunsad ang “Textpaktakon” na pagsulat naman ng bugtong gamit ang wikang Hiligaynon. Ilan sa nanalong textula ay ang sumusunod (sa akin ang mga malayang salin sa Filipino):

Mga Textigmo

Mga mata maoy gipislat, ang agtang maoy nilurat

[Mga mata’y pinindot, ang noo’y nagliwanag]

Sagot: cellphone (Ferolino, sinipi ni Nadera, para. 63-64)

*Kon giinitan ka, lisoa sya
kay bugnaw ng hangin iyang ibuga.*

[Kung naiinitan ka, pihitin siya
Kaylamig na hangin kaniyang ibubuga.]

Sagot: aircon / (Moldez, sinipi ni Nadera, para. 68-69)

Mga Textpaktakon

Tarheta ko nga plastik

Subra pa sa magic

Ibag-id lang nakun

Bayad tanan nga balaklun.

[Tarheta kong plastik
Mas mahusay pa sa magic
Ipadaan lang ito
Bayad lahat ng binili mo.]

Sagot: credit card / (Milliam, sinipi ni Nadera, para. 71-72)

Telegrama sang reyna

Mabaton insigida

Kun ikaw magsabat sa iya

Tagpiso kada padala.

[Telegrama ng reyna
Mabilis makuha
Kung sasagot ka sa kaniya
Tagpiso ang padala]

Sagot: text message/(Milliam, sinipi ni Nadera, para. 73-74)

Indi hayop, indi tawo

Waray baba, waray ulo

Pero may bibig nga naga-nganga

Kon mangagat, gapabilin ang unto.

[Hindi hayop, hindi tao
Walang baba, walang ulo
Pero may bibig na nakanganga
Kung mangagat, naiwan ang ipin]

Sagot: stapler / (Asenjo, sinipi ni Nadera, para. 77-78)

Sa mga patimpalak na ito, lumabas ang malikhain at rehiyunal na interbensiyon ng tinatawag ni Michel Foucault (1972) na pagsulat ng

kasaysayan ng kasalukuyan. Marami sa mga textigmo at textpaktakon ay tumalakay sa mga moderno at neoliberal na karanasan ng mga Pilipino bunsod ng bagong neoliberal at digital na teknolohiya. Ang payak na pagsasaysay ay mahusay na pagsasaysay (sa paraan ng pagtula sa porma ng bugtong o palaisipan) ng reyalidad ng buhay na sagpang ng neoliberalismo. Mahusay itong naipamalas sa inihimatong ni Milliam sa kanyang dalawang textpaktakon tungkol sa relasyon ng tao sa malalaking negosyo ng bangko (credit card) at ng telekomunikasyon (cellphone text) – na ang neoliberal na mundo ay pinaikot ng pera.

Ngunit anumang gara at ilusyon ng neoliberal na mundo at ng hikayat ng digital na teknolohiya, nananatiling ang bansa ay lugmok sa krisis na pinalalala ng neoliberalismo, kabilang ang pagtaas ng presyo ng langis at iba pang produkto. Mahusay at marubdob itong ipinakita ng isang textpaktakon hinggil sa balintuna ng kalagayan ng isang drayber ng dyip sa panahong kasalukuyan:

*Wala nagapakilimos
Pero ginadahuan kwarta
Indi siya hari
Pero may trono sia.*

[Hindi nanlilimos
Ngunit inaabutan ng pera
Hindi siya hari
Pero may trono siya.] (Hidalgo, sinipi ni Nadera, para. 75-76)

Matapos ang mahigit-kumulang isang dekada simula nang ilunsad ang Textanaga, noong 2013 ay inilunsad ng Rappler, isang pribadong online media na kumpanya sa Pilipinas, ang “Tweetanaga” (2013). Sa panahong iyon, ang pagiging popular ng Twitter ay ginawang oportunidad ng Rappler para sa proyekto ng pagpapaunlad ng wikang Filipino. Ayon kay Miriam Grace A. Go (2013), “Ang contest na ito ay kontribusyon ng Rappler sa pagpapayaman ng pambansang lingua franca” (para. 5). Sa loob ng tatlong linggo noong Agosto 2013, nakakuha ng humigit-kumulang 600 lahoc na tweetanaga ang patimpalak mula sa tinagurian ng Rappler na “social media poets”.

Bagamat ayon kay Go (2013) ay hinikayat ang mga lahoc na magsulat ng tweetanaga sa loob ng hanggang 140 karakter, mapapansing kabilang sa mga bibilanging karakter ang hashtag na #Tweetanaga at #Rappler at ang handle na @rapplerdotcom. Indikasyon ito na ang paglikha ng tweetanaga ay nakakabit sa negosyo ng Rappler, at kahit pa batid na pribadong pagmamay-

ari o likha ito ng mga makata sa social media, hindi ito maihihiwalay sa mga hashtag at handle ng Rappler.

Gayunpaman, bagama't tiyak ang pagkakapagkit ng patimpalak bilang pangkultura at pampanitikang instrumento ng pribadong negosyo ng Rappler, sa hulma ng neoliberalismo, marami sa mga nagwagi ay nagpahiwatig ng komentaryong panlipunan na tulad nang mababanaag sa mga textigmo nina Milliam at Resurreccion:

Bahaw na nilalangaw/ Sa pinggan umaapaw/ Malamig at malagkit/ Ayos na rin sa yagit. #Tweetanaga #PoetryIn140 @rapplerdotcom (Moraleda, 2013, sinipi ni Go, 2013, para. 15)

@rapplerdotcom Maruruming daliri, Mayaman ang may-ari. Kapangyarihang taglay, Dukha ang pinapatay. #tweetanaga@shakirason pinatulan ko :P (Arce, 2013, sinipi ni Go, 2013, para. 16)

Halimbawa at patunay ang mga nasabing textigmo ng tradisyon ng protesta—o malay sa lipunang pagtula—na isang interbensiyon—ang ahensiya ng makata—sa tunay na kondisyon sa ilalim ng neoliberal na sistema ng kasalukuyan

Mula Aba Ginoong Maria tungong Aba Naman Gloria at Aba Ginoong Duterte: Poetika at politika ng mapanudyong textula

Ang ahensiya ng makata-mamamayan ay makikita lalo't higit sa mga partikular na textula na hindi nakakabit sa mga patimpalak ng komisyon, institusyon at pribadong negosyo. Ito ay mga textula ng protesta at pagkakarnabal na likha ng mga walang pangalang makata. Sentral sa bahaging ito ang pagsusuri sa produksiyon at distribusyon ng isang textulang protesta na nasa porma ng dasal.

Ang relihiyosong panitikan ng kolonyal na Katolisismo tulad ng mga dasal ay naging politiko-kultural na instrumento ng mga sistemang kolonyalismo at pyudalismo ng mga Kastila (Lumbera, 2007). Ang akto ng pagsasalin ng mga dasal at akto ng pagpapamemorya sa mga dasal ay pagsasalin rin ng kumbersyon o pagsasakolonya ng mga katutubo. Ang akto ng pagpapatanggap sa mga dasal at sa epistemolohikal na katunayan nito ay pagpapatanggap sa hirarkiya ng kapangyarihan ng kolonyal na kaayusan ng mga Kastila, na nagmumula pa sa monarkiya ng Espanya.

Tingnan halimbawa ang dasal na “Aba Ginoong Maria”:

Aba ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo. Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala rin naman ang iyong anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming mga makasalanan, ngayon at kung kami’y mamamatay. Amen.

Ang dasal na “Aba Ginoong Maria” ay mahusay na halimbawa ng pagpapasailalim ng payak na mamamayan tulad ni Maria sa kapangyarihan ng isang Diyos. Ang equibokasyon nito ay nasa linyang si Maria ay “napupuno.... ng grasya” at na sumasakaniya ang “Panginoong Diyos.” Sa karanasan ng Katolikong Pilipinas—at ng kinokolonisang mga isla at mamamayan ng Pilipinas—tila itinuro na maging kawangis ng Birheng Maria ang mga kinokolonya: “mababa” at “masunurin” sa atas at nais ng isang makapangyarihang Diyos. Ang implikasyon rin ng dasal na pinili ng Diyos si Maria upang maging “Ina ng Diyos” ay “pinagpala” si Maria, bagama’t mabigat ang responsibilidad ng pagiging Ina ng Diyos.

Mula sa kolonyal at relihiyosong texto ng dasal na “Aba Ginoong Maria,” isa si Marcelo H. del Pilar o Plaridel sa kumasangkapan sa mga porma ng dasal at dasalan upang tuligsain ang kolonyal na kaayusan ng mga Kastila, sa partikular ang frailokrasya o ang teokratiko at politikal na dominasyon ng mga Kastilang fraile. Tinawag ni Leonardo Dianzon (1947) ang mga “panunukso’t pagpapatawa ni Plaridel” bilang “nakapagpapatino’t nakapagtutuwid sa isip na pabaluktot o pahilako” (p. 26). Sa katunayan, makikita ito sa *Dasalan at Tocsohan* ni del Pilar (n.d.) kung saan tinudyo ang mga dasal ng kolonyal na Simbahang Katoliko upang ang mismong tagapamandila ng kolonyalismong Katolisismo ng mga Kastila ang puntiryahin. Ang “Aba Ginoong Maria,” halimbawa, ay ginawang panunudyo ni del Pilar bilang “Aba Guinoong Baria”:

Aba guinoong Baria nakapupuno ka nang alcancia ang Fraile’i sumasainyo bukod ka niyang pinagpala’t pinahiguit sa lahat, pinagpala naman ang kaban mong mapasok. Santa Baria Ina nang Deretsos, ipanalangin mo kaming huag anitan ngayon at cami ipapatay. Siya naua. (sinipi ni Salcedo, 2014, para. 9)

Kapansin-pansin sa naturang “dasal” ni del Pilar na ang pinupuring si Maria sa orihinal na dasal ay naging “Baria.” Hindi ito nangangahulugang binabastos si Maria, kundi ipinapakita na noong panahon ng kolonyalismong Kastila, ang lohika ng “baria” o pera ang pumapaimbulog na logos maging sa pamumuno ng mga tiwaling fraile sa kani-kanilang mga parokya. Lalo

na't sa linyang “ang Fraile'i sumasainyo” ay ipinapamalas na ang “Baria” ang siyang nagiging pinaka-operatibong tagapagpadaloy ng kolonyal na kaayusan. Ipinaparating rin sa nasabing pinarodikong dasal na ang mga prayle, taliwas sa kanilang ipinapamandilang buhay ng kawastuan, ay ang lumalabag sa pinakabatayang prinsipyo at karapatan ng tao para sa pantay-pantay na pamumuhay. Nagiging diyos ang barya. Sa partikular, tinutuligsa ng sinatirikang dasal ang mga akto ng pangungurakot ng mga fraile, sa partikular ang indulhensiya (indulgencia).

Makikita sa ginawa ni del Pilar ang tradisyon ng protesta—ang tradisyon ng subersyon—na mamamasdan sa tradisyong pampanitikan at pangkultura sa Pilipinas. Ang “subersyon” ay ang pagkasangakapan ng pangkalahatang masa at ng progresibong kilusan sa mga kultura ng naghaharing-uri at dominanteng institusyon upang “gisahin sa sariling mantika” ang kalaban/kaaway na uri. Hindi nga ba't nagisa ni del Pilar ang mga tiwaling fraile sa kanilang sariling mantika sa pamamagitan ng kaniyang “Dasalan at Tocsohan”?

Matutunghayan kung paanong ang mga natipong mga textula ay inilugar mula sa tradisyong pampanitikan ng pagpapatawa, panunudyo at panunuya bilang protesta. Ang nalikhang mga digital na panitikan ng mga mamamayan sa cellphone text, internet at social media ay isinalang at sinuri upang maipakita na ang taglay na paraan ng pagpapatawa ay sa aktwal hindi lamang humoristiko at mapanukso kundi mapanudyo at mapanuya.

Mahusay na sinuma ni Dianzon ang tradisyon ng pagtawa, panunudyo at panunuya bilang taal na tradisyon mula oral tungong nakasulat at nakalathalang panitikan. Ani Dianzon (1947):

Dapat nating malamang ang **masayang akda** (*humoristico*) ay nangangahulugan ng pag-aangkin ng lalong katalinuhan sa pagpapatawa, masagwa kung masagwa, nguni't malinis at di mahalay o malansa sa pananalita't sa isipang nilalaman. Iba sa **panunudyo** (*satira*) na nangangahulugan naman ng maanghang, matulis at masakit na pagtuligsa sa isang tao o kapisanan o sa gawain ng isang tao o kapisanan. Ang dalawang uring iyan ay iba pa rin sa **panunuya** (*ironia*), sapagka't ito'y nag-aangkin ng katuturang iba ang sinasabi sa dinaramdamam, iba ang ibig sabihin sa talagang sinasabi, kaya nga naman tinatawag na tuya o panunuya. Datapwa't maging alin man sa tatlong uring iyan ng panulatan ay hindi maaaring tumanggap ng mga salita o mga isipang may kalansahan, kalaswaan o kahalayan, sapagka't mawawala ang kawagasan

at kadalisayan ng kani-kanilang uri o halaga sa panitikang tagalog o sa alin mang wika. (p. 49)

Mahalaga ang mga puntong idiniin ni Dianzon hinggil sa tatlong tradisyong pampanitikan ng pagpapatawa, panunudyo at panunuya. Bagama't may pagkakatulad ang mga ito dahil sa batayang elemento o katangian ng pagpapatawa, may magkakaibang digri ng pagtuligsa ang panunudyo at panunuya. Ngunit ang hindi kailanman dapat maisanib sa tatlong taal na tradisyong ito ay ang kalansahan, kalaswaan at kahalayan, dahil kung susuriing mabuti ang sinaad ni Dianzon, ay hindi na ito magiging taal at dalisay kundi may bahid ng pagiging *politically incorrect*.

Pinakabatayan sa tatlong tradisyong pampanitikang ito ay ang pagtatawa o pagpapatawa (masaya o humoristiko) na maitatawid rin sa panunukso at pagbibiro. Tinalakay ni Dianzon (1947) ang pagpapatawa mula sa mga kuwentong Suwan o pilandok hanggang sa tuksuhan at biruan ng mga bata. Nabanggit rin ni Dianzon na hindi laging kapintasang pisikal ng tao ang pinagtatawanan o pinagmumulan ng tuksuhan kundi asal ng tao o kaya'y pananalita. Layunin ng pagpapatawa ang magdulot ng tuwa at aliw at magbunga ng tawa o halakhak.

Gayunpaman, ayon kay Dianzon (1947), “hindi lahat ay payak na pagpapatawa o pagbibiro lamang” (p. 19). Mahalaga ang pag-iibang ginawa ni Dianzon hinggil sa panunudyo (satira o parodya) at panunuya (ironya o sarkastiko). Mahihinuha sa buong panayam ni Dianzon na mas madalas niyang pinagsasama o inihahanay ang pagpapatawa at panunudyo (satira, na sa kasalukuyang digital na mundo ay mas popular na tinatawag na parodya) bilang may batayang elemento ng pagpapatawa, pagbibiro o di kaya'y panunukso.

Malinaw na itinanghal ni Dianzon (1947) ang panunudyo ni Marcelo H. Del Pilar sa *Dasalan at Tocsohan* na akda niya. Sa halimbawa ng panunudyo ni Del Pilar, nagiging malinaw na ang panunudyo ay isang mapanuligsang pagtawa at na dinaraan sa mapagpatawa, mapagbiro o mapanuksong paraan ang pagtuligsa. Bagama't lilinawing mabuti ni Dianzon na sa panunudyo “ang ayos at hawig ng mga salitang ginagamit ay may halong anghang, pait o pakla at iniuukol sa paghagkis sa mga pagpapakalabis o pagmamasagwa sa gawi o sa salita” (p. 19). Napakalinaw, kung gayon, na lagpas sa pagpapatawa, ang panunudyo ay isang maanghang na paghagkis sa mga malabis, masagwa at sabihin nang hindi-makatao at hindi-makatarungang gawi at sistema.

Habang ang panunuya naman ay inilarawan ni Dianzon (1947) bilang “bukod sa masakit na pasaring ay nasusulat sa isang ayos na tiwali o pabaligtad sa talagang ibig na sabihin o tukuyin at nagiging isa nang tunay na pagkutya kung ang panunuya'y napakasakit, ibayo ang tingkad at isa nang

tunay na paghamak sa pinag-uukulan” (p. 19). Malinaw kung gayon na ang tradisyon ng panunuya ay mapagbaligtad o mapagbalintuwad na pasaring o pagkutya.

Gayundin, pinuna rin ni Dianzon (1947) ang unti-unting pagkawala ng tatlong tradisyong ito dahil nahalinhinan ng **malansa** (berde) at **mahalay** (obsceno o bastos) na “sa halip na makatawa o makasaya’t makaaliw ay di’t nakagagalit, nakayayamot o nakaiinis at pagkakabisala pa’y nakasusulukasok at nakasusuklam sa kalooban ng isang bumabasa” (p. 48). Naging mahalaga ang mga sinaysay na ito ni Dianzon upang masuring maigi ang mga textula at text joke, at kung ang mga ito ba’y pumapasok o hindi sa mga tradisyong humoristiko, satira o sarkastiko.

Malinaw rin na kinilala ni Dianzon (1947) ang pagpapatawa at panunukso sa mga prayle na isinagawa ni Marcelo H. Del Pilar sa *Dasalan at Tocsohan* bilang nakatatawa ngunit may taglay na “katalinuhan sa panunudyo at panunuya” (p. 25). Napakalakas ng alingawngaw ng uri ng pagpapatawa ni Del Pilar sa maraming panitikang digital na tumutuligsa sa mga maling gawi at lisyang pamamalakad nina Gloria Macapagal Arroyo at Benigno S. Aquino III. Sa katunayan, mula sa paglalarawan ni Dianzon sa operasyon ng pagpapatawang mapagtimbuwal ni Del Pilar ay makakatas ang isang Pilipinong pamamaraan ng panunudyo: “bukod sa masasabing panunukso o pagpapatawa, ay isang tunay na hagkis na maanghang, masidhi at masakit, na sa isang may pandamdang o may bahagyang talino ay sapat na makapagpanting ng tainga o makawala ng ulirat. Ang mga panunukso’t pagpapatawa ni Plaridel, kung may uri mang ganito, ay **nakapagpapatino’t nakapagtutuwid sa isip na pabaluktot o pahilako**” (pp. 25-26). Masasabi kung ganun na may malinaw na politikal na tirada ang lawas ng panitikang mapanudyong nalikha ng mga tulad ni Del Pilar laluna noong nasa lilim ng mga kolonyalistang Kastila ang Pilipinas, at na layuning nitong mapatino at mapatuwid ang baluktot na isip, at posible, pati ang baluktot na sistema.

Bukod sa pagkilala sa mapanudyo’t mapanuyang mga akda nina Francisco Balagtas, Marcelo H. Del Pilar, Jose Rizal, Lope K. Santos, Julian Cruz Balmaseda, Inigo Ed. Regalado, Godofredo B. Herrera, Jose Corazon de Jesus at Florentino Collantes, malaking bahagi ng kinilala, binigyang-diin at pinahalagahan ni Dianzon (1947) ay ang tradisyon ng panunudyo, panunuya at pagpapatawa na naisalindila mula sa iba’t ibang henerasyon ng payak na mamamayan. Binanggit ni Dianzon na mula sa “bibig ng mga taong yaong kung tawagin nati’y mangmang at hangal madalas na marinig” (p. 9) ang iba’t ibang kuwentong mapagpatawa, mapanudyo at mapanuya. Sa pag-aaral na ito, naihiwatig na buhay ang tradisyon ng panunudyo at panunuya sa mga textula na nalikha ng mga mamamayan-manunulat.

Sa gayong punto, makikita ang kontinuum ng tradisyong mapanudyo at mapanuya maging hanggang sa kasalukuyan na ang neoliberal na mga patakaran ng imperyalistang Estados Unidos ay sumasaklot sa bansa. Makikita ang pagpapatuloy ng tradisyong ito sa mga panitikang digital na mapanudyo at mapanuya.

Pagdating sa kasalukuyang panahon, ilang daantaon mula nang isulat ni del Pilar ang “Dasalan at Tocsohan,” matatanggap sa birtwal at elektronikong mundo ng text message ang forwarded message na “Aba Naman Gloria!” Anonymous ang pinagmulan ng nasabing text message, na matatagpuan din kalaunan na may distribusyon sa email at internet. Natransporma ang dasal at ang parodiya sa dasal mula sa porma ng prosa tungo sa porma ng tula, sa mas ispesipiko, sa porma ng textula:

ABA NAMAN GLORIA,
PUNO KA NG GRASYA
ANG YAMAN NG BANSA SUMAIYO NA.

SA HUSAY NI GARCI NAGING PEKENG PANGULO
KA,
BUKOD KANG MANDARAYA SA BABAENG LAHAT
AT PINAGPALA DIN MANGURAKOT ASAWA MO’T
ANAK

KAYA WALA NG NATIRA PARA SA....
AMEEEEEENNNNNNN... (sinipi ni Lorie, 2008, para.
3-5)

Isa sa pinakapopular na kontrobersiya ng katiwalian na naganap sa panunungkulan ni Arroyo, at na makikita sa text message na ito, ay ang iskandalo sa dayaan sa eleksiyon, ang tinaguriang “Hello Garci scandal” (Macaraeg, 2021). May dalawang akto ng subersyon sa text message na “Aba Naman Gloria.” Una, ang subersyon ng kolonyal na pormang pampanitikan ng dasal. Ikalawa, ang subersyon ng kapitalistang porma ng text message.

Ang pinakalohika ng textulang protestang “Aba Naman Gloria!” ay ang pagtuligsa sa “sindikatang Arroyo,” o ang sistematikong pagnanakaw sa kaban ng bayan: “ANG YAMAN NG BANSA SUMAIYO NA” at “AT PINAGPALADA DIN MANGURAKOT ASAWA MO’T ANAK.” Ang Hello Garci scandal na siyang buod ng pandaraya sa eleksiyon ni Arroyo ay makikita naman sa mga linyang “SA HUSAY NI GARCI NAGING PEKENG PANGULO KA, / BUKOD KANG MANDARAYA SA BABAENG LAHAT.” Ngunit ang kahusayan ng protestang ito ay nasa

payak na pagbuntung-hininga ng galit: “KAYA WALA NG NATIRA PARA SA.... AMEEEEENNNNNNNN...” Ang “ AMEEEEENNNNNNNN “ ay pumpatangkulo sa “amin” o ang mamamayang nakararanas ng pagmamalabis at pandarahas ng rehimeng Arroyo.

Interesante ang dungkal ng kolektibong pagpapahayag ng politikal na disgusto ng mamamayan sa pamamagitan ng textula. Sa katunayan, napakaraming bersiyon ng “Aba Naman Gloria”. Dahil walang partikular na awtor, ang pagmamay-ari ng mga textulang ito ay naging kolektibo, lalo na’t kolektibo ang sosyo-politikal na karanasan sa rehimeng naturan. Ang ganitong katangian ng kolektibong pag-aakda ng textula ay nagbabalik o maikakabit sa kontinuum ng tradisyong oral at ng tradisyong folk, kung saan ang panitikan sa pangkalahatan at ang pagtula sa partikular ay kakikitaan ng (1) kolektibong produksyon o pag-aakda at pagmamay-ari ng mga tula, (2) walang maituturing na orihinal na teksto at may higit sa isang bersiyon, (3) kasaysayan sa punto-de-bista ng mamamayan, (4) kapangyarihan ng pagpaparodiya o pagkakarnabal (folk humor) na pamamaraan ng pagtuligsa ng mamamayan, at (5) mabilis na distribusyon.

Makikita ang mga katangiang ito sa maraming bersiyon ng textulang protesta laban kay Gloria na nasa porma ng basal na “Aba Ginoong Maria.” Sa partikular, ang *folk humor* ang nagiging lunsaran, daluyan at duluhan ng politikal na protesta sa pamamagitan ng textula. Halimbawa, ang bisa ng textula bilang folk humor na nagkakarnabal kay Arroyo at sa mga miyembro ng sindikato-pamilya nito ay nasa asersyon ng mga pagbabansag, na kadalasang dumudulo sa rasista at seksistang panunudyo. Halimbawa, sa isang bersiyon ng textulang protesta kay Arroyo na nasa ibaba, ang anak ni Gloria na si Mikey Arroyo ay binansagang “Lion King”, isang pisikal na alusyon na pagsasabing tulad ng leon, si Mikey at ang “santa-santitang” ina niya ay masiba sa kapangyarihan at yaman, marahas at naghahari-harian:

Aba, Ginang Gloria napupuno ka ng grasya.
Ang kayamanan ng tao ay sumaiyo na.
Bukod kang pinagpapala sa babaeng lahat
at pinagpala naman ang iyong anak na si Mikey.

Santa-santitang Gloria, ina ni Lion King
Ipanalangin mo na kay Bush ang iyong mga kasalanan
Ngayon at baka mamaya ay magkaisa ang bayan at paalisin
ka na.
Amen. (sinipi ng Bulatlat, 2005, para. 4-5)

Isang interesanteng kakaiba sa bersiyong ito ay ang pagbanggit sa dating pangulo ng Estados Unidos na si George W. Bush sa ikaanim na linya ng textula. Sa bahaging ito, kinukutya ng persona si Gloria na humingi na ng tulong sa amo nitong imperyalista, ang Estados Unidos, na nirerepresenta ni Bush.

Sa ikatlong bersiyon naman, kumpara sa unang bersiyon, walang halos pinagbago maliban sa pagkakahati ng mga linya at ilang pagbabago sa mga salitang ginamit. Sa partikular, ang pagkakaiba ay nasa bandang huling hati ng textula. Sa unang bersiyon, ang linyang ginamit ay “Pinagpala rin, asawa mo’t anak” na nangangahulugang benepisyaryo ng at katuwang sa korapsyon ang asawa’t anak ni Gloria. Ngunit sa ikalawang bersiyon, ang buong angkan na – hindi na lang mga miyembro ng nukleyar na pamilya o sangkabahayan – ang resipiyente ng pagpapalang bunga ng korapsyon at karahasan:

Aba naman Gloria napupuno ka ng grasya.
Ang kayamanan ng tao ay sumaiyo na,
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat.
Pinagpala rin ang iyong angkan. Wala nang natira sa
AMEN. (sinipi ng Bulatlat, 2005, para. 7)

Bukod sa pandarambong at pandaraya sa eleksyon, ang kaso ng mga extrajudicial killing, sa partikular ang politikal na pamamaslang sa mga aktibista’t progresibo, ay naging pangkasaysayang karahasan ng gobyernong Arroyo (Oliveros, 2009). Pinatindi pa ito at niligalisa ng Human Security Law ni Arroyo (Buan, 2020) na kung tutuusin ay nilalahat at inaakusahang terorista ang sinumang kumakalaban sa pamahalaan. Hindi nga ba’t tahasang tinutuligsa ng mga aktibista si Arroyo, kung kaya’t sila ang tinatarget na pangalanang terorista ng gobyerno.

Itong lisyang kamalayan na ito ang tinibag at binuwag ni Rommel Rodriguez (2007) sa kaniyang tulang “Ang Disipulo ng Takot” na inilathala sa kaniyang blog. Ipinakita ni Rodriguez na si Arroyo mismo ang tagahasik ng karahasan sa lipunan, kung kaya si Arroyo ang tunay na terorista. Sumusunod rin sa porma ng dasal na “Aba Ginoong Maria” ang tula ni Rodriguez:

Aba Ginang Gloria
napupuno ka ng pantasya
ang kapangyarihan ng takot
ay sumasaiyo,
bukod mong tinutugis
ang mga palaban

habang patuloy kang
nagsasaboy ng kasamaan.

Aba Ginang Gloria
di ka na nahiya
sa batas na iyong nilikha,
panakip-butang
pakanang gasgas
kunwari’y sa kapayapaan,
katahimikan ang hangad.

Aba Ginang Gloria
bakit hindi tumingin sa salamin?
Tanungin ang sarili, saka bigkasin:

”Salamin, salamin,
Salamin sa Malacanang,
Sino ang terorista’t
Nanliligalig sa bayan?”

Subalit ang salamin ay hindi tutugon
Dahil tukoy na ang sagot sa tanong.

Siya na nga. (Rodriguez, 2007, para. 1-6)

Mainam pa ring paalala at hamon sa kasalukuyang pangulong Rodrigo Duterte ang textula at ang tula ni Rodriguez—na panagutin si Gloria at ang kaniyang mga kasapakat para sa lahat ng katiwalian, karahasan at inhustisya na inabot ng bayan mula sa kanila, lalo na’t nakapangunyapit pa rin sa politikal na kapangyarihan bilang kongresista si Arroyo. At naging paghamon rin ito kay Duterte na gumawa ng kongkretong hakbang laban sa at parusahan ang mga naghasik ng politikal na pamamaslang mula kay Arroyo hanggang sa kaniyang administrasyon.

Itinuloy rin ni Rodriguez (2016) sa rehimeng Duterte ang tradisyong protesta sa kaniyang tulang “Harinawa” (2016) na inilathala sa news website na Bulatlat.com. Partikular na turol nito ang kontra-manggagawang mga patakaran ni Duterte:

Aba ginoong Duterte,
napupuno ka ng pantasya.
Ang sarili mong labi
ang mahihiwa sa
talim ng iyong dila.

Bukod kang nagmamayabang
na ang pag-unlad ng bayan
sa iyo lamang
maaaring magmula.

Gayong ang unyonista't manggagawa
na iyong dinuduro't inaalipusta,
Ang lumikha ng entabladong iyong
tinutungtungan.

Iyang mikroponong gamit
at suot na damit
kamay ng manggagawa ang lumikha
at naghabi.

Bakit ipagkakait ngayon sa amin
ang tinig na maging mapanuri?
Bakit binabantaan kami ng dahas
gayong ang landas na aming hangad,
walang iba kundi pag-unlad?

Aba ginoong Duterte,
huwag ka sanang
maging presidente.

Harinawa. (Rodriguez, 2016, para.1-7)

Masisipat na sa parehong tula ni Rodriguez, ang kapwa ikalawang linya ng mga unang saknong ay naglalarawan kina Gloria at Duterte bilang “napupuno ka ng pantasya.” Ang ganitong linya ay pagbabaklas sa binubuong pantasya ng parehong pangulo – mga pantasya ng pag-unlad at mga pangako ng pagmamahal sa bayan, ngunit sa aktwal ay pagtataksil sa bayan. Ang kapangyarihan ng kontra-puntal na diskurso ay inilalatag ni Rodriguez sa pamamagitan ng paglilitanya ng tunay na kalagayan ng mamamayan, partikular ng mga lumalaban sa maling pamamalakad ng pamahalaan. Matapang rin ang mga retorikal na tanong sa parehong tula ni Rodriguez na nagsisiwalat ng paggamit ng dahas ng parehong pangulo. Kung sa “Ang Disipulo ng Takot” ay nilalang ni Rodriguez ang tanong para kay Gloria na “Sino ang terorista’t / Nanliligalig sa bayan?”, sa “Harinawa” naman ay “Bakit binabantaan kami ng dahas” ang paghagip kay Duterte.

Malinaw ang tradisyon ng panunudyo at panunuya sa kapwa tula ni Rodriguez. Mainam na halimbawa ang mga ito kung paanong ang makata sa

panahon ng mga makabagong plataporma ay nakapagpapatalos ng kontra-diskurso at nakalilikha ng makabayan at mapagpatimbuwal na proyekto ng pagtula.

Paglalagom: Nasa kamay ng makata, wala sa digital na makina

Ganap nang nakapayungyong ang neoliberal na produksiyon ng mga digital na tula sa Pilipinas—lalo na't higit itong nagiging popular dahil ang mga ahensiya't instrumento ng mga pribadong kumpanya't korporasyon ay agresibo sa mabilisang produksiyon. Maaaring sabihing ang problema ng pagtula ay nabibigyan ng bagong hugis dahil sa krisis ng mabilisang produksiyon – ibig sabihin ay hindi na mahalaga kung anong nilalaman, tulad halimbawa sa mga poetweet, dahil instant ang pag-generate ng mga tula.

Ngunit may mahihiwatigan na mga elemento ng subersyon kahit sa produksiyon ng mga instantula o poetweet. Maaaring magsagawa ng kontra-gahum na proyekto na gigisahin sa sariling mga tweet ang iba't ibang reaksyonaryong estado at institusyon ng lokal at global na naghaharing uri. Makikita rito ang kapangyarihan at ahensiya ng mamamayan/netizen/makata na humubog ng mga instantula bilang mabilis o agarang tugon sa nagmamadaling sistema ng neoliberalismo na pinagmamadali ang buong bansa.

Kung gaano napakabilis lumikha sa panahong digital ay lalo't kailangang mas mabilis ngunit mas matalas ang produksiyong kontra-gahum. At ganito ang ipinapabatid ng ahensiya ng mga progresibong indibidwal at makata—ang lumikha ng mga tula na nasa digital na plataporma upang itampok ang tunay na kalagayan ng Pilipinas sa gitna ng neoliberal na mga atake sa politika, ekonomiya at kultura, kabilang ang wika at panitikan, at sa gitna ng mga istruktural na krisis ng mga reaksyonaryong pamahalaan.

Tulad nang naipakita sa papel na ito, makahahalaw ng praxis ng protesta sa praxis ng textula at tweetula. Ito ang ahensiya ng mamamayan – ang ahensiya ng makata. Na sa gitna ng paggamit ng mga digital na makina ng neoliberalismo, nasa mga kamay pa rin ng mamamayan at makata ang paggamit at pagkatha. Dahil ang tunay na makina ng paglikha ng tula ay hindi ang online na mga generator o digital na teknolohiya kundi ang kamulatan ng mamamayan-makata.

Sanggunian

- "Aba, Ginang Gloria Napupuno ka ng grasya." (2005, Hunyo 19-25). Gloria's prayer and other jokes. *Bulatlat*. <https://www.bulatlat.com/news/5-19/5-19-jokes.htm>
- "Aba naman Gloria napupuno ka ng grasya." (2005, Hunyo 19-25). Gloria's prayer and other jokes. *Bulatlat*. <https://www.bulatlat.com/news/5-19/5-19-jokes.htm>
- Arce, O. (2013, Agosto 6). *Maruruning daliri*. Rappler. Ni-retrieve Abril 12, 2017, mula sa <http://www.rappler.com/life-and-style/arts-and-culture/37794-rappler-tweetanaga-contest-winners>
- Asenjo, G. (n.d.). *Indi hayop, indi tawo*. Sangkomunidad. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Buan, L. (2020, Hunyo 5). Explainer: Comparing dangers in old law and anti-terror bill. *Rappler*. <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/262912-explainer-comparison-old-law-dangers-anti-terror-bill/>
- Dianzon, L. A. (1947). *Ang panunudyo't pagpapatawa sa panitikang Tagalog*. Institute of National Language.
- Ferolino, B. (n.d.). *Mga mata maoy gipislat*. Sangkomunidad. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Foucault, M. (1972). *The archaeology of knowledge and the discourse on language*. Pantheon Books.
- Hidalgo, R. (n.d.). Wala nagapakilimos. *Sangkomunidad*. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Kellog, C. (2015, Enero 27). *Poetweet: A website that turns your tweets into poetry*. Los Angeles Times. <http://www.latimes.com/books/jacketcopy/la-et-jc-poetweet-a-website-that-turns-tweets-into-poetry-20150126-story.html>
- Go, M. G. A. (2013, Agosto 31). #Tweetanaga: 10 best by social media poets. *Rappler*. <http://www.rappler.com/life-and-style/arts-and-culture/37794-rappler-tweetanaga-contest-winners>
- Lorie. (2008, Pebrero 29). Prayer of the Filipino People. *Thinking Out Loud*. <http://lorzonline.blogspot.com/2008/02/aba-naman-gloria.html>
- Lumbera, B. (2007, Agosto 9). *Ang wika ay kasangkapan ng maykapangyarihan: Ang wika bilang instrumentong politikal*. Usapang Kultura. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <http://avhrc-kultura.blogspot.com/2007/08/ang-wika-ay-kasangkapan-ng.html>
- Macaraeg, P. (2021, Enero 6). Look back: The 'hello, garci' scandal. *Rappler*. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/look-back-gloria-arroyo-hello-garci-scandal/>
- "mahal na ang de-lata." (n.d.). *In focus: Textanaga: The dawning of the age of literary technology*. National Commission for Culture and the Arts. <http://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/textanaga-the-dawning-of-the-age-of-literary-technology/>
- Milliam, M. (n.d.). *Telegrama sang reyna*. Sangkomunidad. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Milliam, M. (n.d.). *Tarheta ko nga plastik*. Sangkomunidad. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Moldez, R. G. (n.d.). *Kon giinitan ka*. Sangkomunidad. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Moraleta, D. (2013, Agosto 3). Bahaw na nilalangaw. *Rappler*. <http://www.rappler.com/life-and-style/arts-and-culture/37794-rappler-tweetanaga-contest-winners>
- Nadera, V. (2015, Mayo 6). *In focus: Textanaga: The dawning of the age of literary technology*. National Commission for Culture and the Arts. <https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/textanaga-the-dawning-of-the-age-of-literary-technology/>
- Nadera, V. E. C. (n.d.). *TXTULA?* Sangkomunidad. <https://1community.tripod.com/huntahan8.html>
- Nielsen, J. (1995, Pebrero 1). *The history of hypertext*. Nielsen Norman Group. <https://www.nngroup.com/articles/hypertext-history/>
- Official Gazette PH. (2016a, Mayo 26). *Take the metro manila point-to-point (P2P) bus service. view the bus stops and schedule*: <https://t.co/riiqtc7nbl> [pic.twitter.com/mcawgnym6F](https://t.co/mcawgnym6F) [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/735976448876552192>
- Official Gazette PH. (2016b, Mayo 30). *The Technical Vocational Education and training program produced a record 9.54m graduates*: <https://t.co/5vqsp3ce1b> [pic.twitter.com/fdcpn1isgp](https://t.co/fdcpn1isgp) [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/737287522573783040>
- Official Gazette PH. (2016c, Mayo 31). *#todayinhistory in 1764, the Spanish entered Manila to accept it back from British rule*: <https://t.co/1dyqz8dnc> [pic.twitter.com/moui5rsuxg](https://t.co/moui5rsuxg) [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/737287522573783040>

- com/govph/status/737533087723053056
- Official Gazette PH. (2016d, Hunyo 2). *An online data portal for Monitoring River Flow will soon be available to the public: <https://t.co/v0oq9fmwob>* pic.twitter.com/gn3oheqqgf [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/738248090503643136>
- Official Gazette PH. (2016e, Hunyo 12). *President Aquino: Papisak Tayo Sa Panibagong Kabanata ng Kasaysayan. nawa'y 'di Natin Malimot: Ang Kalayaan, Kailangang Bantayan at Alagaan* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/741818918558388224>
- Official Gazette PH. (2016f, Hunyo 30). *President-elect Rodrigo Roa Duterte has arrived and met outgoing president Benigno S. Aquino III at the president's hall in Malacañan* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/748342508476764160>
- Official Gazette PH. (2016g, Hulyo 25). *Duterte: I asked Congress to enact the whistleblower protection law while the present Witness Protection Program shall be strengthened* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/757504062887567360>
- Official Gazette PH. (2016h, Hulyo 25). *Duterte: I assure you, this will be a clean government* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/757494641658777601>
- Official Gazette PH. (2016i, Hulyo 25). *Duterte: I have directed the concerned regulatory agencies to prioritize issuance of required permits for power development* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/757507564527493120>
- Official Gazette PH. (2016j, Hulyo 25). *Duterte: We shall intensify our war against human traffickers and illegal recruiters that prey on our migrants* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/757506383373668352>
- Official Gazette PH. (2016k, Agosto 5). *Speech of president Rodrigo Duterte during the visit of the Duterte PPCRV delegates: <https://t.co/i777xmtf7G>* [Tweet]. <https://twitter.com/govph/status/761457007727554561?lang=fa>
- Official Gazette PH. (2016l, Agosto 25). *The Executive Order No. 2, known as the EO on Freedom of Information* [Tweet]. <https://t.co/YvqsgZLhlu>
- Official Gazette PH. (2016m, Setyembre 8). *We celebrate National Literacy Day as we continue to exert efforts for the increased accessibility to education. [pic.twitter.com/nd34ehvrbk](https://twitter.com/nd34ehvrbk)* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/773751579774099456?lang=en>
- Official Gazette PH. (2016n, Setyembre 13). *Today is the 109th death anniversary of gen. Macario Sakay, a katipunero & the president of the "Tagalog Republic". [pic.twitter.com/3mvxxta8oz](https://twitter.com/3mvxxta8oz)* [Tweet]. Twitter. <https://twitter.com/govph/status/775598336954933248?lang=ca>
- Oliveros, B. (2009, Mayo 23). Scandalous Impunity. *Bulatlat*. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://www.bulatlat.com/2009/05/23/scandalous-impunity/>.
- Poetweet. (2017, Abril 17). *ASEAN neighbors by Official Gazette*. Na-generate at inakses Abril 17, 2017, mula sa www.poetweet.com.br
- Poetweet. (2017, Abril 18). *Medical center by Official Gazette*. Na-generate at inakses Abril 18, 2017, mula sa www.poetweet.com.br
- Poetweet. (2017, Abril 18). *Sa baha by Official Gazette*. Na-generate at inakses Abril 18, 2017, mula sa www.poetweet.com.br
- Rodriguez, R. B. (2007, Hulyo 7). *Ang disipulo ng takot*. Sa Kabilang Banda. Ni-retrieve, Abril 18, 2017, mula sa <http://kontrapuntal.blogspot.com/2007/07/ang-disipulo-ng-takot.html>
- Rodriguez, R. B. (2016, Pebrero 12). *Harinawa. Bulatlat*. <https://www.bulatlat.com/2016/02/12/harinawa/>
- Salcedo, C. B. (2014, Oktubre 11). *"Dasalan at Tocsohan' ni Marcelo H. Del Pilar."* *Handiog*. Ni-retrieve Setyembre 1, 2022, mula sa <https://handiog.wordpress.com/2014/10/11/dasalan-at-tocsohan-ni-marcelo-h-del-pilar/>

Grant Support Details

Author Contributions: All research activities and writing were done by M. Andrada. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

Funding: The author received no specific funding for this work.

Acknowledgements: The author would like to thank all the Filipino writers whose works appeared, for analyses, in this article.

Conflict of Interest: The author declares no conflict of interest. The writers and poets whose works appeared in this article had no role in the design of the study; in the collection, analysis, or interpretation of data; in the writing of the manuscript, or in the decision to publish the results.

About the Author

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA teaches Philippine Studies, literature, and digital humanities at the Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, College of Arts and Letters, University of the Philippines, Diliman. He served as director of the Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman from 2019 to 2022. He is a member of SUSI or Surian ng Sining, Inc. (corresponding author: mcandrada@up.edu.ph).